
# Dalubhasa sa Paggawa ng Keyk

Isang uri ng trabaho kung saan gumagawa ng mga matamis tulad ng keyk at cookies na naglalarawan ng pagpapalit ng panahon.



## Panayam kay Ginoong Yuichi Amano, Tagapangulo ng Shizuoka-ken Yōgashi Kyōkai




## Gawain ng dalubhasa sa paggawa ng keyk

### Benepisyo ng trabaho

Maaaring lumikha ng mga matamis na magpapasaya kanino man.
Maririnig mo sa mga kustomer ang "lubha akong nasiyahan" "masarap" at "salamat".
Mararamdaman mo ang pag-angat ng iyong kakayahan at husay araw-araw dahil matutunan habang nagtatrabaho ang paglikha at pag-disenyo.

### Mga taong angkop na maging dalubhasa sa paggawa ng keyk

Mahilig kumain, mahilig lumikha ng mga bagay at mahilig sa mga matamis.

### Para maging dalubhasa sa paggawa ng keyk

Mayroon 2 paraan.
①Magtrabaho sa isang tindahan ng keyk at pag-aralan ang mga pamamaraan sa paggawa nito.
②Pumasok sa paaralan ng paggawa ng keyk.
Ang sertipikasyon para lumikha ng keyk at iba pang matamis ay maaaring makuha sa mga paaralang pang-bokasyonal.



Gagamit ng husay sa paglikha



Maaari kang lumikha ng mga matamis tulad nito!

### Maaari bang gawin ang trabahong ito kahit hindi mahusay sa paggamit ng kamay?

Walang problema kahit hindi mahusay sa paggamit ng kamay. Gagaling sa paggawa kung lubos na magsasanay.
Ang mahalaga ay "mahilig sa mga matamis".

### Maaari bang magtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Hindi kailangan ang pambansang sertipikasyon o lisensya. Ang mahalaga ay may sapat na kahusayan.
Maaaring matutunan ang pangunahing kakayahan ng 3 taon kapag nagtrabaho sa isang maliit na pagawaan ng keyk.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Magsanay sa pagsasama-sama ng iba't ibang kulay sa iyong pang-araw araw na pamumuhay. Ang hilig sa pagdidisenyo ay maaaring gamitin sa paggawa at pag-disenyo ng mga keyk at cookies. Bukod dito, subukan ang iba't ibang pagkain para tumalas ang panlasa at ito ay magagamit mo sa paglikha ng keyk.

**Message**

Una sa lahat, tuklasin ang galak na ibinigay ng mga matamis para tumaas ang interes rito. Napakaraming dayuhang dalubhasa sa paggawa ng keyk ang aktibo sa industriya. Kung may interes sa trabahong ito at nais mong subukan, napakaraming mga dalubhasa ang malugod kang tatanggapin. Mahilig din silang magturo kaya panatag mong matutunan ito.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

**Shizuoka-ken Yōgashi Kyōkai**

Tel：054-238-5415